

MAPEH

(ARTS)

Unang Markahan- Modyul 4
Linggo 4: Mga Katutubong
Disenyo sa Kasuotan at
Kagamitan mula sa Luzon,
Visayas, at Mindanao

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI



Alamin

Likas sa mga Pilipino ang pagkamalikhain at makasining. Ito ay minana natin sa ating mga ninuno. Sa salinlahi ay nakikita ang mga masining na likha ng mga katutubo.

Mga layunin sa pagkatuto:

- Natutukoy ang pagkakaiba ng mga disenyo na may motif mula sa Luzon, Visayas, at Mindanao.
- Nakaguguhit gamit ang mga disenyo na may *motif* na gamit ng mga pangkat-etniko sa retaso para maging lagayan ng barya.

Upang makamit ang layunin na inilalahad sa itaas, gawin ang sumusunod na mga hakbang:

- Basahin at unawain nang Mabuti ang aralin.
- Sundin at gawin ang inilalahad na panuto sa bawat pagtataya at pagsasanay.
- Sagutin ang lahat ng mga tanong sa pagtataya at pagsasanay.



1. Makikita ang mga _____ sa mga tela o kasuotan at mga kagamitan.


2. Alin sa sumusunod na disenyo ang motif na sumasayaw na tao?



3. Ang mga sumusunod na dibuho ay halimbawa ng dibuhong _____.



4. Ang mga sumusunod ay halimbawa ng dibuhong bituin MALIBAN sa isa.



5. Ang mga _____ ng mga pamayanang kultural ay isa sa mga pamana ng sining sa ating bansa.

- A. kaguluhan
B. masining na disenyo
C. hindi pagkakaunawaan
D. magulong disenyo


Aralin 4

Mga Katutubong Disenyo sa Kasuotan at Kagamitan



Balikan

Suriin ang mga disenyong ginamit sa mga larawan.



1. Ano-anong mga hugis, linya, at kulay ang ginagamit sa mga kasuotan at kagamitang nasa larawan?

2. Paano ito nagkakatulad at nagkakaiba?




Tuklasin


Panuto: Basahin at unawain ang mga tanong. Pagtambalin ang mga disenyo sa Hanay A sa mga pangkat etniko na nasa Hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

Hanay A


____1.




____2.




____3.



____4.



____5.



Hanay B

A. Maranao

B. Bukidnon

C. Ifugao

D. Agta

E. Bontok




Suriin

Kaakit-akit ang mga disenyong gawa ng mga pangkat etniko. Ang kanilang talino at kasanayan sa paglikha ay naipakikita nila sa paggawa ng mga kagamitang pantahanan at palamuti sa katawan.

Ang mga pangkat-etniko mula sa Hilagang Luzon hanggang Sulu, at sa iba pang bahagi ng Mindanao ay may kani-kaniyang katutubong sining o *motif* na nagtataglay ng iba't ibang linya, hugis, at kulay na ginagamitan ng paulit-ulit na disenyo na higit nilang napaunlad at napagyaman sa ngayon.

Ang mga disenyong kultural ng pamayanan sa Luzon ay isa sa mga pamana ng sining sa ating bansa. Kaakit-akit at kanais-nais sa paningin ang kanilang mga likhang disenyo na ginagamitan ng iba't ibang linya, hugis, at kulay. Ilan sa mga ito ay ang mga inukit o nililok na kahoy at mga damit na may iba't ibang burda. Karamihan ng kanilang mga ginawang disenyo ay hango sa kalikasan o maging sa kapaligiran tulad ng dahon, tao, bundok, at mga hayop.



Mga Halimbawa ng Disenyong Kultural ng Pamayanan sa Luzon



Source LM

Ang ating bansa ay punong-puno ng magagandang likha. Ang mga ito ay nagtataglay ng mga elemento ng sining tulad ng linya, hugis, kulay, at may prinsipyong paulit-ulit. Ang likas na kagandahang ito ng kapaligiran ay nagsisilbing inspirasyon ng mga kultural na pamayanan na naninirahan sa Visayas.


Mga Halimbawa ng Disenyong Kultural ng Pamayanan sa Visayas



Source LM


Ang mga disenyo sa kultural na pamayanan sa Mindanao ay makikita sa kanilang mga kagamitan at kasuotan na ginagamitan ng iba't ibang linya, kulay, at hugis. Ang mga ito ay hango sa kalikasan at sa kapaligiran tulad ng hayop, dahon, bundok, araw, at bituin.

Mga Halimbawa ng Disenyong Kultural ng Pamayanan sa Mindanao



- May nakikita ba kayong pagkakaiba sa kanilang paggamit ng linya, hugis, at kulay?

- Nakikita rin ba ang paulit-ulit na disenyo sa kanilang gawa?



Pagyamanin

Panuto: Iguhit sa sagutang papel ang ★ kung tama at 😊 kung mali.

- ____ 1. Ito  ay motif ng sumasayaw na tao.
- ____ 2. Ang mga masining na disenyo ng mga pamayanang kultural ay isa sa mga pamana ng sining sa ating bansa.
- ____ 3. Tunay na maipagmamalaki ang mga disenyo na nagmula sa ating pangkat etniko.
- ____ 4. Ang mga sumusunod na dibuho ay halimbawa ng dibuhong hayop.



- ____ 5. Kaakit-akit ang mga disenyong gawa ng ating mga pangkat etniko.



Isaisip

Ang mga disenyong etniko o dibuho ay may katangi-tanging kagandahan. Dapat natin ipagmalaki at panatilihin ang mga ito upang lalong makilala ang ating bansa.




Isagawa

Kagamitan: retaso, lapis, gunting, karayom, sinulid at pangkulay tulad ng oil pastel, krayola, colored pen/pencil

Mga Hakbang sa Pagsasagawa ng Dibuho o Disenyo:

1. Maghanda ng mga retaso na lalagyan ng disenyo.
2. Pumili ng dalawang disenyong etniko at iguhit ang mga ito nang salitan sa retaso upang makabuo ng kakaibang likhang-sining



Source LM

3. Kulayan nang maayos ang ginuhit upang ito ay maging maganda at kaakit-akit.
4. Itupi sa gitna ang retasong may disenyo at tahiin ang dalawang sulok nito.
5. Itupi nang maliit at tahiin ang pinakabunganga ng supot.
6. Ipasok ang tali sa may bunganga ng supot na magsisilbing hawakan.



Tayahin

Panuto: Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Sa paggawa ng obrang coin pouch, ginagamit ang pirasong tela o _____.

A. kurtina C. retaso
B. kumot D. banig

2. Alin sa sumusunod na disenyo ang motif na sumasayaw na tao?



3. Ang mga _____ ng mga pamayanang kultural ay isa sa mga pamana ng sining sa ating bansa.

A. masining na disenyo C. kaguluhan
B. hindi pagkakaunawaan D. magulong disenyo

4. Makikita ang mga _____ sa mga tela o kasuotan at mga kagamitan.

A. ritmo C. alpabeto
B. kuwento D. disenyo

5. Dapat _____ ang mga naiambag sa sining ng mga pangkat etniko.

A. itapon C. pahalagahan
B. isawalang bahala D. isantabi



Karagdagang Gawain

Pumili ng disenyo mula sa isang pangkat etniko at iguhit ang mga ito sa kahon.



Susi sa Pagwawasto

Subukin
1.A
2.C
3.B
4.C
5.B

Balikan
1. Iba iba ang mga kulay, hugis na makikita. sa mga kasuotan at kagamitan. May hugis ng dahon, bituin at paulit-ulit.
2. May pagkakatatulad at pagkakaiba.

Tuklasin:
1.D
2.E
3.A
4.B
5.C

PagYamanin
1. ★
2. ★
3. ★
4. 🤖
5. ★

Tayahin
1.C
2.B
3.A
4.D
5.C